

HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 10 Blg. 47

March 23-29, 2026

P10.00

KOMISYON SA ^{p.2} WIKANG FILIPINO AT PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY, LUMAGDA NG MOU

Kasalan 2026
CAVITE Wedding Tourism Expo

APRIL 11-12 2026
AYALA MALLS VERMOSA

IN PARTNERSHIP WITH: kasal.com, AYALA MALLS Vermosa, LARA CAVITE tayot!, INNS, Alfonso

SUPPORTED BY: HORTZ, Valeria's, ARCOE, SANEZ FARM, etc.

Join the much-awaited gathering of South Luzon and Cavite-based wedding venues and event suppliers on April 11-12, 2026 at the newest lifestyle destination in Cavite - Ayala Malls Vermosa!



GOV/AGLIPAY THANKS DOST FOR INNOVATIONS PROVIDING OPPORTUNITIES TO CAGAYANOS- story p.5



KWF AT LIMAY POLYTECHNIC COLLEGE, LUMAGDA PARA SA PAGTATATAG NG SWK- story p.2



KWF Tagapangulo Atty. Marites A. Barrios-Taran, nag-courtesy call kay Mayor Emmanuel M. Abonado ng Mlang, Cotabato- story p.4



DOST URGES PH RESEARCHERS TOWARD RESPONSIVE, CROSS-SECTOR RESEARCH- story p.7



DOST launches innovation and agriculture hubs in Cagayan- story p.5

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO AT PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY, LUMAGDA NG MOU

Pormal nang nilagdaan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Philippine Normal University (PNU) ang Memorandum ng Unawaan (MOU) noong 16 Marso 2026 sa PNU Gymnasium. Ang MOU na ito ay para sa pagtatatag ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa pamantasan. Layunin nitong paigtingin ang mga programa at pananaliksik na magsusulong sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng wikang Filipino sa bansa. Binuksan ang programa sa pagpapahayag ng

mensahe ni Dr. Bert J. Tuga, Pangulo ng PNU, tungkol sa kahalagahan ng akademikong pakikipagtulungan. Nagpahayag naman ng suporta rito si Tagapangulong Atty. Marites A. Barrios-Taran ng KWF at ibinahagi ang bisyon ng komisyon para sa masiglang ugnayan sa mga unibersidad. Ang habkang na ito ay inaasahang magbubukas ng pinto para sa mga bagong proyekto, seminar, at publikasyong lalong magpapatatag sa pambansang wika.

KWF AT LIMAY POLYTECHNIC COLLEGE, LUMAGDA PARA SA PAGTATATAG NG SWK

Pormal nang nilagdaan ang isang makasaysayang Memorandum ng Unawaan (MOU) sa pagitan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Limay Polytechnic College (LPC) noong 27 Pebrero 2026 upang itatag ang Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa loob ng institusyon.

Ang naturang pagtitipon ay itinuturing na kauna-unahang lagdaan ng MOU na isinagawa sa isang opisina ng KWF na matatagpuan sa Harvester, Cubao, Lungsod Quezon. Pinangunahan ni Atty. Marites A. Barrios-Taran, Tagapangulo ng KWF, ang seremonya kasama ang Pangulo ng Limay Polytechnic College na si Dr. Elmer B. De Leon. Layunin ng kasunduan na paigtingin ang pagpapalaganap, pagpapaunlad, at preserbasyon ng wikang Filipino at mga katutubong wika sa lalawigan ng Bataan sa pamamagitan ng akademikong pagtutulungan. Bilang bahagi ng implementasyon ng kasunduan, itinalaga si Bb. April R. Cruz bilang direktor o tagapanguna ng bagong tatag na Sentro ng Wika at Kultura sa loob ng LPC. Inaasahang magsisilbi ang SWK bilang katuwang ng KWF sa mga pananaliksik, seminar, at mga gawaing pangwika sa rehiyon. Ang pagpili sa Harvester,

Cubao bilang lunan ng pirmahan ay hudyat ng mas malawak na pag-abot ng serbisyo ng KWF sa publiko at mga katuwang na ahensiya.

KWF at TSU, Lumagda ng MOU

Pormal nang nilagdaan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at Tarlac State University (TSU) ang Memorandum ng Unawaan (MOU) noong 4 Marso 2026, sa Bulwagang Romualdez ng KWF. Layunin ng MOU na paigtingin ang kolaborasyon sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng wikang Filipino at iba pang mga wika ng bansa, partikular na sa loob ng akademikong komunidad. Binuksan ang programa sa isang bating pagtanggap mula kay Fultaym Komisyoner Benjamin M. Mendillo, Jr., ang kinatawan sa Wikang Ilokano ng KWF. Nagbigay ng mensahe si Tagapangulo Atty. Marites A. Barrios-Taran ng KWF ukol sa kritikal na kalagayan ng wikang Abëllën, na batay sa datos ng KWF sa Sigla ng Wika, ang Abëllën ay kasalukuyang nasa Grado 4 o "Di-lihtas" (Unsafe). Ipinaliwanag ni Barrios-Taran na bagaman ginagamit pa ang wika ng ilang bata sa lahat ng domeyn, ang kabataan ay gumagamit na lamang nito sa mga

Legarda: Reporma sa buwis, ginhawa sa pamilya, pananagutan sa pamahalaan

Binigyang-diin ni Senator Loren Legarda na ang mga reporma sa buwis ay dapat maghatid ng ginhawa sa mga pamilyang Pilipino habang tinitiyak ang pananagutan sa paggastos ng pamahalaan. Iginiiit niya na ang mawawalang kita mula sa tax cuts ay maaaring mabawi sa pamamagitan ng pagtugon sa korapsyon, na mas malaki ang nilalamang yaman kaysa sa halaga ng mga reporma. Noong Martes, Marso 17, inilahad ni Legarda sa kanyang privilege speech ang tatlong panukalang batas sa reporma sa buwis: Senate Bill No. 1851, Senate Bill No. 1857, at Senate Bill No. 1963, na naglalayong pababain ang presyo ng pagkain, gamot, at kuryente para sa karaniwang sambahayan. "Ang halagang mawawala sa mga tax cuts na ito ay mas mababa pa sa kabuuang nalilimas ng korapsyon tulad na lang ng mga anomalya sa flood control projects na umabot sa trilyong piso," pahayag ni Legarda. Ipinaliwanag niya na bagama't ang buwis ang lifeblood ng Estado, ito ay naging dagdag na pasanin para sa mga minimum wage earners at low-income families. Kamakailan, umabot sa 2.4 porsyento ang inflation, dulot ng 1.8 porsyentong pagtaas

sa presyo ng pagkain at non-alcoholic beverages, na lalo pang pumipiga sa badyet ng mga pamilya.

"Hindi mapapatakbo ang isang bansa kung walang buwis na kinokolekta mula sa mga mamamayan. Ngunit kung ang buwis ay halos sinasaid na ang bulsa ng ordinaryong Pilipino, hindi na lifeblood ang tawag dito, dagdag pagdurusa na," saad ni Legarda.

Sa ilalim ng Differentiated VAT Rates Act, ipinanukala ang pagbaba ng VAT sa 10 porsyento para sa mga pangunahing produkto at serbisyo, habang nananatili ang 12 porsyento para sa mga luho gaya ng mamahaling sasakyan, real estate, sigarilyo, vape, at alak.

"Hindi dapat i subsidize ng minimum wage earner ang lifestyle ng may kaya," pahayag ni Legarda.

Kasama sa Murang Bilihin at Serbisyon Medikal Act ang pagtanggap ng VAT sa mga pangunahing bilihin, gamot, at serbisyon medikal. Sakop nito ang exemptions para sa over-the-counter medicines, first aid supplies, canned goods, cooking oil, instant noodles, sabon, at professional medical services. "Kaya naman, nararapat lang na wakasan ang pagpapataw ng buwis sa mga basic commodities para sa ating mga kababayan," saad ni Legarda.

Ang ikatlong panukala ay naglalayong alisin ang VAT sa mga singil sa kuryente gaya ng Systems Loss at Lifeline Rate Subsidy, na ayon kay Legarda ay hindi dapat buwisin dahil ito ay subsidies na pasanin na ng mga konsumer.

"Maganda ang adhikain, nguniit mali na tumulong ka na, nabuwisan ka pa," saad ng Senadora.

Ipinaliwanag ni Legarda na ang lahat ng panukalang ito ay inihain sa ilalim ng normal na kalagayan ng bansa dahil naniniwala siyang matagal nang dapat ipatupad ang mga pagbawas at exemptions.

"Mr. President, ang isang minimum wage worker ay nagbabayad ng buwis araw araw. May VAT sa halos lahat ng binibili niya. Buwan-buwan, lumiliit ang suweldong dapat sana ay buo niyang maiuuwi sa pamilya. Tanggapin na natin na ang kasalukuyang tax system ay regressive. Mas malaking proporsyon ang kinukuha nito sa mahihirap, kaysa sa mayayaman," paliwanag ni Legarda.

Hinimok pa niya ang kanyang mga kasamahan na isulong ang komprehensibong reporma sa buwis na nakabatay sa equity.

"Tayong mga nandito sa bulwagang ito ay dapat talakayin nang masinsinan ang usaping comprehensive tax reform, hindi bilang isang sukatan ng kita, kundi batayan

ng equity sa ating lipunan," ayon sa Senadora.

Binigyang-diin ng apat na termino na senador na dapat ding harapin ng pamahalaan ang pananagutan.

"Panahon na para tanggalin sa mga Pilipino ang pasaning ito at harapin ng pamahalaan ang pagsasaayos ng sarili nitong paggastos at integridad,"

PGC's Performance Management Team Holds SPMS Orientation for Newly Hired, Promoted, and Transferred Employees

The PGC's Performance Management Team (PMT) successfully conducted the Orientation on the Strategic Performance Management System (SPMS) for newly hired, promoted, and transferred employees on March 10, 2026 at the 2nd Floor Function Hall of the New Cavite Government Center.

Engr. Lorna R. Leyran delivered the welcome remarks and led the discussion on the introduction to the Strategic Performance Management System (SPMS). In her message, she emphasized that the orientation is not merely a procedural requirement but also an important opportunity for participants to gain a deeper understanding of the significance of SPMS and the process involved in its preparation and implementation. She encouraged everyone to actively participate in the orientation to ensure a clearer appreciation of the system and its role in promoting accountability and improving organizational performance. During the activity, Ms. Claudette Trixia M. Flores discussed the SPMS Guidebook and the key

aniya. Nanawagan si Legarda para sa agarang pagpasa ng kanyang mga panukala bilang tulay tungo sa tunay na pagbabago at konkretong ginhawa sa antas ng sambahayan. "Ang tanging hinihingi ng taumbayan ay ginhawang ramdam, pagbabago sa presyong nakikita sa resibo, at patakarang may pakinabang sa hapag kainan, hindi lang sa macroeconomic report," pagtatapos ni Legarda.

elements of the Office/Unit Performance Commitment and Review (O/UPCR). Ms. Angelica Joy A. Balanquit facilitated the session on target setting and performance standards, as well as monitoring and documentation.

Interactive workshop sessions were also conducted to guide participants in applying the concepts discussed by Mr. Niko Montenegro together with Mr. Mark Lester Carada facilitated the activities. The first workshop is all about the formulation of targets and major final outputs, and the second one is on the preparation of accomplishment reports.

Ms. Ma. Fe M. Satsatin, OPHRMO department head, also delivered a message expressing her gratitude to the participants for their active engagement throughout the orientation. She likewise extended her appreciation to the PMT Secretariat for organizing the activity, noting that initiatives like this greatly contribute to the continuous improvement and development of employees within the organization. — **OPIO**

Mobile Registration Activity Brings PSA Services Closer to Residents of Taysan, Batangas

The Philippine Statistics Authority (PSA) Region IV-A, in coordination with the Local Government Unit of Taysan, Batangas, conducted a Mobile Registration Activity on March 16, 2026, at the Municipal Hall of Taysan.

The activity was made possible through the coordination and support of the Local Civil Registry Office of Taysan, headed by OIC Jenelyn P. Mercado. The initiative aimed to bring PSA services closer to the community, making it more convenient for residents to request and secure their civil registry documents without the need to travel to Lipa City or other service centers.

Through the Civil Registry System (CRS) Mobile Outlet, residents were able

to access on-site processing and issuance of PSA copies of birth, marriage, and death certificates, as well as Certificates of No Marriage (CENOMAR). Residents from various barangays of Taysan benefited from the accessible and efficient services provided during the activity.

Through this initiative, the Philippine Statistics Authority reaffirmed its commitment to delivering timely, accurate, and reliable civil registry services, in line with its mission to make civil registration accessible to all Filipinos.

During the program, Brigido A. Villena, Municipal Mayor of Taysan, Batangas, delivered a message expressing his gratitude to the PSA for bringing the mobile registration services to the municipality.

Editorial

Magandang ani ngayong taon

BUNSOD pa rin ng kaguluhan sa Gitnang Silangan ay isa ang pagkain sa mga pangunahing pangangailangan na sinasabing apektado. Hindi naman maikakaila na matinding sakripisyo ito para sa mga kababayan nating maralita na umaasa sa Benteng Bigas Meron program. Pagtitiyak naman ng Department of Agriculture gayunin ng Food Terminal Inc. (FTI) na

mayroong sapat na supply para sa tuluy-tuloy na serbisyo sa mga Kadiwa Stores. Nananatili ang isinasagawang refill o replacement ng National Food Authority sa kanilang mga stock bilang katugunan hinggil dito. Nauunawaan ng kagawaran ang tinatawag na panic o pangamba sa hanay lalo ng maralitang mamamayan kasabay ng anunsuyo na ang ating bansa ay mayroong sapat na buffer stock dahil sa magandang ani ngayong taon. Bilang pagpawi sa pangamba ng publiko partikular sa mga benepisyaryo ng programa ay sinasabing nananatiling available ang pamamahagi ng bigas sa ilalim nito hanggang ito ay nakarehistro sa Benteng Bigas Registry System.

No One Left Behind: PHILHEALTH REGIONAL OFFICE IV-A AND BJMP CALABARZON PARTNER FOR INCLUSIVE PDL HEALTHCARE

A Memorandum of Agreement (MOA) was officially entered into by PhilHealth Regional Office IV-A (PRO IV-A), under the leadership of Acting Regional Vice President Edwin M. Oriña, MD and the Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) Regional Office CALABARZON, headed by JCSUPT ISABELO V CARTIN JR, DSC, MBA, Regional Director of the Jail Bureau, to ensure the efficient reimbursement of the TB-DOTS benefit for the Persons Deprived of Liberty (PDLs) in the region.

The signing ceremony highlighted a shared commitment between PRO IV-A and BJMP CALABARZON to improve access to quality healthcare services within jail facilities, particularly for tuberculosis prevention and treatment.

During the event, Dr. Oriña also presented an overview of key PhilHealth programs, including the PhilHealth Yaman ng Kalusugan Program (YAKAP), which aims to further enhance the health and well-being of PDLs across Region IV-A through expanded benefits, streamlined processes, and improved service delivery.

This partnership represents a concrete step toward the full realization of Universal Health Care. By reinforcing coordinated efforts between PhilHealth and BJMP CALABARZON, the agreement ensures that even the most vulnerable sectors—including PDLs—are provided with equitable access to essential health services, affirming the principle that no one is left behind.



No One Left Behind: PHILHEALTH REGIONAL OFFICE IV-A AND BJMP CALABARZON PARTNER FOR INCLUSIVE PDL HEALTHCARE



PhilHealth Honored with Excellence in Digital Transformation Award

Kalibre

Romy Santos
0977-7844136

Iba 'pag kilala

MAYROONG napaulat hinggil sa paghahanda para sa eleksiyon sa 2028 ng pamilya Marcos sa Ilocos Norte.

Ang pahayag ay nagmula kay Vice Governor Matthew Marcos Manotoc. Sa kabila na malayo pa naman ay may pag-uusap na ang kanilang pamilya sa mga dapat isipin o gawin hinggil sa mundong ginagalawan sa pulitika.

Dahil last term na ni Ilocos Norte 2nd District Representative Angelo Marcos Barba kaya nararapat na ang pag-uusap.

Batid naman ng bise-gobernador na apektado sila sa usaping political dynasty pero inuuna at uunahin pa rin nila ang kapakanan ng mga tao.

'Ika nga niya na kahit nasa dinastiyang pulitikal ay maraming patunay at pagbabago sa ilalim ng liderato nila sa lalawigan.

Tungkol sa political dynasty ay nasa kamay naman ng mga rehistradong botante ang pagpili para sa kung sino

ang nais na iluluklok sa pwesto.

Kung wala pa ring batas hinggil dito ay sadyang bentahe ang mayroong pangalan sa panahon ng halalan.

Kumbaga, iba kapag kilala o tanyag ang pangalan o apelyido dagdag pa na nakakaangat sa pananalapi.

Hinggil naman sa maaga pang pag-uusap o paghahanda para sa 2028 elections ay masasabi nating ito ay normal lamang.

Ang karamihan sa mga nananalo sa eleksiyon na hindi pa man ganap na 'nag-iinit ang puwet' sa pagkakaupo sa pwesto ay kaakibat na ang paglikot ng isipan para sa susunod na halalan.

Sa kabila na maayos na ginagampanan ang tungkulin ay naroroon pa rin ang utak para sa hinaharap.

Maaaring hindi lahat subalit para sa iba na ganoon naman talaga ang takbo ng utak ay huwag ng magpakaipokrito.

HANEP

Basahin Mo Ito!

ROMEO S. SANTOS
Publisher/Editor-in-Chief

JUNE K. BILLONES
Managing Editor

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
Contact#: 0977-7844136/09687122927
Website: <https://hanep.net>

Email: ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.



ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

KWF Tagapangulo Atty. Marites A. Barrios-Taran, nag-courtesy call kay Mayor Emmanuel M. Abonado ng Mlang, Cotabato

Isinagawa ang isang mahalagang courtesy call ng Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Atty. Marites A. Barrios-Taran, noong 26 Pebrero 2026 sa tanggapan ni Hon. Emmanuel M. Abonado, DVM, Municipal Mayor sa Mlang Town Hall sa

Mlang, Cotabato.

Kasama ni Atty. Barrios-Taran si Dr. Carmelita C. Abdurahman, Fultaym Komisyoner ng KWF, sa pagbisitang ito upang palalimin ang ugnayan ng ahensiya at lokal na pamahalaan.

Sa ginanap na pulong, tinalakay ang

mga kasalukuyan at hinaharap na proyekto ng KWF sa layuning mas mapalaganap at mas mapalakas ang paggamit at pagtangkilik sa wikang Filipino sa mga komunidad. Binanggit ni Atty. Barrios-Taran ang kahalagahan ng wikang Filipino bilang susi sa pambansang pagkakakilanlan, lalo na sa panahon ng mabilis na globalisasyon na madaling malimutan ang sariling kultura at wika.

Pinuri ni Mayor Abonado ang mga adhikain ng Komisyon, at ipinahayag niya ang buong suporta ng munisipyo sa mga programa ng KWF na sumusuporta sa edukasyon at pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa wikang Filipino. Dagdag pa niya, ang kanilang tanggapan ay handang m a k i p a g t u l u n g a n upang isulong ang mga gawain na magpapalago ng kamalayan at pagmamalasakit sa wikang pambansa.

Bukod sa usapin ng wika, tinalakay din ang potensiyal na kolaborasyon sa pagitan ng KWF at lokal na pamahalaan sa mga programa na magpapalawak ng partisipasyon ng iba't ibang sektor ng komunidad sa mga seminar, workshop, at iba pang aktibidad na may layuning mapanatili at mapagyaman ang wikang Filipino sa kabataan at malawak na populasyon.

Ang pagbisitang ito ay bahagi ng mas malawak na kampanya ng Komisyon sa Wikang Filipino upang maseguro ang aktibong papel ng wikang Filipino sa edukasyon, pamahalaan, at pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino. Kinikilala rin ng KWF ang malaking papel ng mga lokal na pamahalaan bilang katuwang sa pagpapaigting ng mga programa sa wika at kultura sa kanilang nasasakupan.

BMC, binuksan ang Women and Children Protection Unit nito

LUNGSOD NG MALOLOS

– Kasabay ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Kababaihan, pormal na binuksan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ang Women and Children Protection Unit sa Bulacan Medical Center noong Marso 11.

Hangad ng bagong tayong pasilidad na makapagbigay ng specialized medical care, psychological support, at coordinated social services sa kababaihan at mga batang nakaranas ng pang-aabuso, pagsasamantala, trafficking, at iba pang uri ng karahasan. Binigyang-diin ni Gobernador Daniel R. Fernando ang pangako ng Pamahalaang Panlalawigan na protektahan ang mga mahihina, lalo na ang kababaihan at mga bata.

“Ang pagbubukas ng Women and Children Protection Unit ay isang konkretong hakbang sa pagtiyak na ang mga biktima ng pang-aabuso ay hindi naiwanang nag-iisa sa kanilang pakikibaka. Ang pasilidad na ito ay nagsisilbing aming pangako na ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ay patuloy na poprotektahan ang dignidad, kaligtasan, at mga karapatan ng bawat babae at bata,” anang gobernador.

Ayon sa Pinuno ng WCPU na si Dr. Jose Emiliano T. Gatchalian, idinisenyo ang pasilidad hindi lamang para protektahan ang mga biktima kundi upang masiguro ang tamang interbasyon sa mga indibidwal na kasangkot sa

pang-aabuso, na kinikilala na ang ilang mga salarin ay nakaranas rin ng trauma. Samantala, ipinaliwanag ni Dr. Violeta M. De Guzman na bukas ang center 24 oras sa isang araw, pitong araw isang linggo, upang masiguro na lahat ng biktimang darating sa ospital ay makatatanggap ng agarang nararapat na kalinga.

Ang mga pasyenteng may pisikal na pinsala ay paunang gagamutin sa emergency room ng ospital bago ilipat sa protection unit, kung saan bigyangan sila ng karagdagang medikal, sikolohikal, at sosyal na interbasyon ng mga sinanay na tauhan. Hinihikayat ang mga Bulakenyo na iulat ang mga kaso ng karahasan at pang-aabuso sa WCPU hotline na +639397624522.

Inflation sa CALABARZON, umakyat sa 2.4 percent nitong Pebrero 2026

LIPA CITY, Batangas – Umakyat sa 2.4 percent ang headline inflation sa rehiyon ng CALABARZON nitong Pebrero 2026, ayon sa ulat ni Philippine Statistics Authority (PSA) CALABARZON Regional Director Charito C. Armonia sa ginanap na pulong balitaan nitong Huwebes, ika-12 ng Marso 2026.

Ito ay mas mataas kumpara sa inflation ng rehiyon noong Enero 2026 na nasa 2.3 percent at 2.1 percent noong Pebrero 2025. Sa kasalukuyan, ang average inflation mula Enero hanggang Pebrero 2026 ay nasa antas na 2.3 percent.

Ang pangunahing dahilan ng mas mabilis na pagtaas sa pangkalahatang presyo ng mga kalakal at serbisyo sa rehiyon nitong Pebrero 2026 kumpara noong Enero 2026 ay ang mas mabilis na pagtaas ng presyo ng Restaurants and Accommodation Services na may 6.4 percent inflation. Ito ay may 77.3 percent share sa pagtaas ng pangkalahatang inflation sa rehiyon.

Sinundan ito ng Recreation, Sport and Culture (5.6 percent) at Transport (0.0 percent).

Sa mga pangkat ng pagkain sa CALABARZON, nagpakita ng mas mabilis na pagtaas ng presyo ang Mais (5.4 percent); Flour, Bread and Other Bakery Products, Pasta Products, and Other Cereals (3.2 percent); Fish and other seafood (7.7 percent), partikular dito ang dilis; at Gatas, Dairy Products at Itlog (1.6 percent), partikular dito ang powdered milk.

Nagtala naman ng pagtaas ng presyo mula sa dating pagbaba nitong Enero ang mga Gulay, Tubers, at Cooking Bananas na nasa 1.7 percent inflation, partikular ang sibuyas.

Sa kabilang dako, bumagal ang pagtaas ng presyo sa ilang bilihin tulad ng Oils and fats (12.7 percent); Fruits and nuts (1.3 percent) tulad ng saging; Sugar, Confectionery and Desserts, partikular ang sorbetes (0.9 percent); at Ready-Made Food and Other Food Products not elsewhere classified (2.2 percent), gaya ng spaghetti sauce.

Nagtala naman ng pagbaba ng presyo nitong Pebrero 2026 mula sa pagtaas nitong Enero 2026 ang Meat and Other Parts of Slaughtered Land Animals tulad ng karne ng baboy, na may -2.4 percent inflation, habang ang Bigas ay nagtala ng mas mabagal na pagbaba ng presyo sa antas na -4.9 percent inflation.

Pagdating sa mga lalawigan at Highly Urbanized Cities (HUC) sa CALABARZON, limang lugar ang nagtala ng mas mataas na inflation rates kumpara noong Enero: ang Laguna (3.9 percent), Rizal (2.8 percent), Quezon (1.7 percent), Batangas (1.2 percent), at Lungsod ng Lucena (0.6 percent). Tanging ang Cavite ang nagtala ng mas mababang inflation rate na nasa 2.0 percent.

Samantala, naitala sa 76 sentimo nitong Pebrero 2026 ang purchasing power of peso (PPP) o halaga ng piso kumpara sa halaga nito noong 2018.

Wanted, nahuli sa Cavite City

ISANG wanted ang nahuli matapos ang matagumpay na joint police operation kamakailan sa Cavite City, Cavite.

Nakilala ang akusado na si alyas John, residente ng Cavite City, at nakatala bilang Regional Level Most Wanted Person.

Ang pagkakaaresto ay sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ng Presiding Judge ng Regional Trial Court, Branch 17, Cavite City, Cavite na may petsang Pebrero 3, 2026 na walang inirekomendang piyansa.

Ito ay may kaugnayan sa Statutory Rape (Under Article 266-A of the Revised Penal Code, as amended by Republic Act 8353 and Republic Act 11648) (2 counts laban sa akusado).

Ang Warrant Personnel ng Cavite Component City Police Station kasama ang 401st Regional Mobile Force Battalion ay isinagawa ang operasyon gamit ang Body Worn Camera at Alternative Recording Device sa Barangay 57, Cavite City dakong alas- 9:00 ng umaga nitong Marso 17.

MWP, naaresto ng pulis-Rosario

NAARESTO ang isang Regional Level Most Wanted Person sa ikinasang matagumpay na operasyon ng pulisya kamakailan sa Rosario, Cavite.

Kinilala ang akusado na si alyas Rjay, naninirahan sa Barangay Sapa 3, Rosario. Ang matagumpay na operasyon ay isinagawa ng warrant at patrol personnel ng Rosario Municipal Police Station dakong alas-7:30 ng gabi nitong Marso 16 sa Barangay Silangan 1, Rosario, gamit ang Alternative Recording Device.

Inaresto ang akusado sa bisa ng warrant of arrest para sa krimen ng Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002-Sale, Trading, Administration, Dispensation, Deliver, Distribution and Transportation of Dangerous Drugs (R.A. 9165 Art. II Sec. 5) at Comprehensive Drugs Act of 2002 Dangerous Drugs Act. (R.A. 9165 ART. II SEC. 11) na inisyu ng Presiding Judge ng 4th Judicial Region Regional Trial Court Branch 16 Cavite City na may petsang Marso 10, 2026, na walang inirekomendang piyansa.

Kelot ' dinampot sa bisa ng warrant

NADAKIP ang isang 32-anyos na lalaki sa bisa ng warrant of arrest matapos ang matagumpay na joint police operation kamakailan sa Maragondon, Cavite.

Ang akusadong si alyas Win, kasalukuyang naninirahan sa General Trias City, Cavite, ay nasa talaan bilang Top 5 Provincial Level Most Wanted Person.

Siya ay dinakip sa bisa ng warrant of arrest para sa krimeng panggagahasa sa ilalim ng Article 266-A (1)(D) ng Revised Penal Code na inisyu ng Presiding Judge ng RTC Branch 19, Catarman, Northern Samar, na walang inirekomendang piyansa.

Isinagawa ang operasyon dakong alas-2:00 ng hapon nitong Marso 17 sa Barangay Pinagsanhan B, Maragondon, ng mga tauhan ng Maragondon Municipal Police Station, sa koordinasyon ng Regional Intelligence Unit 4A, PIT Cavite, CIDG Northern Samar, at Bobon Municipal Police Station, Northern Samar PPO.

Governor Edgar Aglipay expressed his heartfelt gratitude to the Department of Science and Technology (DOST) for the innovative technologies it continues to promote to improve the lives of Cagayanos.

Governor Aglipay conveyed his appreciation during the visit and attendance of DOST Secretary Renato Solidum at the opening of the Cagayan Innovation Hub (IHub) and the SARAI Provincial Hub at the Provincial Government of Cagayan on Monday, March 16, 2026.

In his message, Gov. Aglipay emphasized the significant contribution of science and technology in advancing innovations that create greater opportunities for the people. He noted that science and technology play a vital role in society, particularly in agriculture and tourism, as they help make work more efficient and broaden public knowledge about machinery and other strategies that enhance productivity.

"I can't thank enough Sec. Solidum for what they have done for our people here in Cagayan. I think this is a big lead to where they are now, considering that we will be using technology, robots, and artificial intelligence in providing information for our farmers to be able to produce more," Gov. Aglipay said.

Meanwhile, Secretary Solidum commended the initiatives of Gov. Aglipay's administration in advancing science and technology-driven programs that benefit Cagayanos.

According to Sec. Solidum, it is important for the government to take the lead in introducing innovative approaches, as these are essential to good governance that the public aspires to.

"Thank you for inviting me here to the Provincial Government of Cagayan and the rest of the DOST Team. It is always a privilege to stand with local governments that are committed to serving their people and strengthening their communities... We must apply science, technology, and innovation in governance, and I see it here in the province of Cagayan. Applying science, technology, and innovation in governance makes the Local Government ASTIG," Solidum said.

In line with this, Gov. Aglipay assured that his administration will continue to advance programs and projects that strengthen the science, technology, and agriculture sectors in Cagayan under his E.G.A.Y Governance Platform, aiming to achieve progress and development for every Cagayano, especially farmers and fisherfolk.

Meanwhile, DOST also presented to Gov. Aglipay

GOV. AGLIPAY THANKS DOST FOR INNOVATIONS PROVIDING OPPORTUNITIES TO CAGAYANOS

and Provincial Government of Cagayan employees the first innovation launched by DOST and Cagayan State University's Electromobility Research and Development Center (CSU-EMRDC), showcasing various electric vehicles such as eTranvia, eBuggy, and C-Trikes.

The regular flag-raising ceremony at the Cagayan Capitol was led by Gov. Aglipay, together with Provincial Administrator Atty.

Maria Rosario Mamba-Villafior, Chief of Staff Felipe Buena Jr., Secretary Renato Solidum, DOST Undersecretary for Regional Operations Engr. Sancho Mabborang, DOST Region 2 Director Virginia Bilgera, Handicappables President Amalia Decena, Board Members, consultants, and employees from various offices of the Provincial Government of Cagayan. **(Rachell Galamay/CPIO)**

PMCJ raises red flag on DA's converting agri lands for renewables, Secretary Laurel's consistent abhorrence of Philippine agriculture

Quezon City, Philippines — The Philippine Movement for Climate Justice (PMCJ) vehemently reacts to the Department of Agriculture (DA) for allowing farmland conversion for renewable energy and socialized housing projects. The climate justice group states that the DA is creating another layer of problems on top of the climate crisis mess.

The DA described the exemption as a "limited carve-out" intended to balance competing national priorities, allowing critical energy and housing developments to proceed while maintaining restrictions on most farmland conversions.

"Secretary Laurel is killing Philippine agriculture and the food source of many Filipinos. From being accused of negligence for its failure to protect the 15-km municipal waters from destructive commercial fishing vessels, it has now found a stupid reason to justify the annihilation of the country's ailing agriculture. PMCJ strongly rejects this idea from the DA and warns Secretary Laurel that this is a criminal act," said Laica Rayel, PMCJ senior campaigner for Food, Land, Water, and Climate (FLWC).

Rayel emphasized that under Philippine law, specifically Republic Act (RA) No. 6657 (Comprehensive Agrarian Reform Law), "illegal conversion" is a defined crime prosecuted by the Department of Agrarian Reform (DAR) and the Department of Justice (DOJ).

Rayel says Secretary Laurel needs to be educated about climate change. While many countries are protecting their agriculture in anticipation of intense climate change impacts, the DA Secretary intentionally pushes us to vulnerability. Studies show that Philippine agriculture is already in a precarious

situation due to climate change.

A series of strong weather events, like the recent parade of typhoons, has caused huge losses and destruction to agricultural production. Compounding this is a study of a Philippine agricultural policy institute that shows irrigated rice lands are particularly vulnerable to conversion due to urban expansion. The study emphasized that agricultural land in Tarlac has decreased

PRO CALABARZON Arrests 42 Wanted Persons in 24-Hour Operations

Camp BGen Vicente P Lim – The Intelligence Units of the Police Regional Office CALABARZON, in coordination with several local police stations across the region, successfully arrested a total of forty-two (42) Most Wanted Persons and other wanted individuals in separate police operations conducted from 6:00 a.m. on March 16, 2026, to 6:00 a.m. on March 17, 2026.

The operations were carried out by joint operatives from the Regional Intelligence Division – Special Operations Unit 4A, the Regional Mobile Force Battalion 4A, and various local police stations. These coordinated efforts resulted in the arrest of six (6) Regional Level Most Wanted Persons, eight (8) Provincial Level Most Wanted Persons, two (2) City/Municipality Level Most Wanted Persons, and twenty-six (26) other wanted persons. The arrested individuals are facing charges for violations of RA 9165, also known as the Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002, as well as cases of rape, murder, and other offenses under the

DOST launches innovation and agriculture hubs in Cagayan

